| GRADES 1 to 12 DAILY LESSON LOG | School: | | Grade Level: | IV |
|---|---|---|---|---|
| | Teacher: | | Learning Area: | FILIPINO |
| | Teaching Dates and Time: | SEPTEMBER 12- 16, 2022 (WEEK 4) | Quarter: | 1$^{ST}$ QUARTER |

| | MONDAY | TUESDAY | WEDNESDAY | THURSDAY | FRIDAY |
|---|---|---|---|---|---|
| **I. LAYUNIN** | | | | | |
| **A. Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang naipamamalas na ng mga mag-aaral ang kakayahan sa pagbasa, pagsulat at pakikipagtalastasan nang wasto upang maipahayag ang kaalaman, ideya at damdaming angkop sa kaniyang edad at sa kulturang kinabibilangan at nakikilahok sa pagpapaunlad ng pamayanan<br>. | | | | |
| **B. Pamantayan sa pagganap** | Natatalakay ang paksa o isyung napakinggan.<br>Nagagamit ang diksyonaryo at nakagagawa ng balangkas sa pagkalap at pang-unawa ng mga impormasyon. | Naisasalaysay muli ang nabasang kwento nang may tamang pagkasunod-sunod at nakagagawa ng poster tungkol sa binasang teksto. | Nakasusulat ng talatang pasalaysay. | Nakapagsasalaysay tungkol sa pinanood.<br>Nakasali sa mga talakayan pagkukuwento, patula, pagsulat ng sariling tula at kuwento | |
| **C. Mga Kasanayan sa Pagkatuto Isulat ang code ng bawat kasanayan** | Nabibigyang kahulugan ang salita sa pamamagitan ng pormal na depinisyon | Nabibigyang kahulugan ang salita sa pamamagitan ng pormal na depinisyon | Nabibigyang kahulugan ang salita sa pamamagitan ng pormal na depinisyon | Nabibigyang kahulugan ang salita sa pamamagitan ng pormal na depinisyon | |
| **II. Nilalaman** | **Elemento at Pagsulat ng Kuwento**<br><br>1.Natutukoy ang mga elemento ng kuwento: Tagpuan, Tauhan at Banghay<br>2.Nasasagot ang mga tanong sa nabasang kuwento.<br>3.Nakasusulat ng natatanging kuwento tungkol sa natatanging tao sa pamayanan.<br>4.Nakasusulat ng liham na nagbabahagi ng karanasan/pangyayari sa nabasang kuwento. | | | | |
| **III. KAGAMITANG PANTURO** | | | | | |
| **A. Sanggunian** | | | | | |
| **1. Mga Pahina sa Gabay ng Guro** | Filipino 4, Module 4 | Filipino 4, Module 4 | Filipino 4, Module 4 | Filipino 4, Module 4 | Filipino 4, Module 4 |
| **2. Mga Pahina sa Kagamitang Pang-Mag-aaral** | | | | | |
| **3. Mga Pahina sa Teksbuk** | | | | | |
| **4. Karagdagang Kagamitan mula sa portal ng Learning Resource** | | | | | |
| **B. Iba pang Kagamitang Panturo** | Tula,larawan at diksyunaryo, kahon | Puzzle, tula, art materials, Show me board | Tsart, larawan, art materials, lumang dyaryo | Tsart , | |
| **IV. PAMAMARAAN** | | | | | |
| | **SUBUKIN** | **TUKLASIN** | **PAGYAMANIN** | **ISAISIP** | **TAYAHIN** |

Panuto: Basahin ang maikling kuwento at sagutin ang
tanong sa ilalim nito. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Ang Magkaibigan
ni Cheche Cortez

Matalik na magkaibigan sina (1) Tonton at Danilo. Turing nila sa isa't isa ay parang tunay na magkapatid.

Isang araw, dali daling nagtungo si Danilo (2) sa bahay ng kanyang kaibigan upang ibalita na may peryahan sa plaza at nais niyang sumakay ng '*Ferris Wheel*'. "Tonton! Tonton! Halika na dalian mo!" sigaw ni Danilo. "O, Danilo, bakit tila napakataas ng enerhiya mo?" saad ni Aling Bengbeng na ina ni Tonton. "Magandang umaga Aling Bengbeng! Nabalitaan ko po kasi na mayroong bagong palaruan sa may plaza balak ko sana na maglaro kami roon ni Tonton. "Huwag kayong magpapagabi mga bata. Sige mag-ingat kayo," paalala ni Aling Bengbeng sa dalawa.

Pagdating nila sa plaza ay agad-agad na nagtungo ang dalawa sa Ferris Wheel at sumakay rito. Maraming nagkikislapang kulay ang nakikita nila mula sa ibaba. Pagkatapos sa ferris wheel, (3) masayang nagikot-ikot ang dalawa sa buong plaza. Pinuntahan ang iba't ibang tindahan ng kakanin at palaruan. Pagdating ng ikalima ng hapon, naisipan na ng dalawang umuwi kani-kanilang bahay upang hindi mag-alala ang kanilang mga magulang.

A. Tukuyin kung anong elemento kabilang ang nakasalungguhit
na salita sa teksto. Isulat sa sagutang papel kung tauhan, tagpuan, o banghay.
1.______________ 2. ________________ 3. ________________

B. Sagutin ang sumusunod na tanong tungkol sa kuwento.
Isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.

4. Nakauwi ba nang maaga ang dalawang magkaibigan?
A. Oo B. Hindi C. Baka D. nawala
5. Kung ikaw si Tonton at Danilo, susundin mo rin ba ang
paalala ng iyong magulang?
A. Hindi po. Maglalaro ako hanggang gusto ko.

Pagtambalin ang mga salitang nasa Hanay A sa
kahulugan nito sa Hanay B. Maaari kang gumamit ng diksyunaryo. Isulat ang titik ng tamang sagot sa iyong papel.

| Hanay A | Hanay B |
| --- | --- |
| 1.aparador | A. hiyas na isinusuot sa leeg |
| 2.pulseras | B. malaking sisidlan ng damit |
| 3.manikurista | C. palamuting bilog na hiyas na isinusuot sa may pulso sa kamay |
| 4.kuwintas | D. isang kayamanan/bagay na ipinasa |
| 5.pamana | E. taong naglilinis ng kuko sa kamay |

Ipagpatuloy ang pagsasanay. Handa ka na po? Simulan mo na kaibigan…
A. Punan ng angkop na detalye ang graphic organizer batay sa kuwentong binasa na pinamagatang "Simpleng Pangarap".
Isulat ang sagot sa sagutang papel.

**Panganay**
*ni Meagan Alexis A. Almasco*


Bata pa lamang ay pangarap na ni Aryana na matulungan ang kanyang pamilya. Siya ang panganay sa siyam na magkakapatid. Ang kanyang tatay ay magsasaka at nagtitinda naman ng mga kakanin ang kanyang nanay.

Hangang-hanga si Aryana sa kanyang mga guro kaya nais niyang makapagtapos ng pag-aaral upang maging katulad nila at matulungang mapag-aral ang mga nakababata niyang kapatid. Pagkatapos ng kanyang klase at tuwing wala siyang pasok ay sinasamahan niya ang kanyang nanay sa pagtitinda at tumatanggap din siya ng *tutorial* upang makadagdag sa kanilang gastusin.

Hindi nagtagal, dahil sa sipag, determinasyon at pagsusumikap ay nakapagtapos si Aryana sa kolehiyo at naging lisensyadong guro ngunit hindi pa dito natapos ang kanyang pangarap. Mula sa mga naiipon niya sa konting natitira sa kanyang sahod ay nakapag-ipon siya ng pera na kanyang ginawang puhunan upang makapagtayo ng isang munting *restaurant* na pinangalanan niyang "Kusinang Natatangi".

Napagtapos ni Aryana ang kanyang walong kapatid. Dalawa ay naging guro katulad niya, dalawa rin ang naging pulis, isa ang naging *seaman*, dalawa ang naging doktor, at isa ang naging abogado.

Patuloy pa rin ang pagtulong ni Aryana sa mga taong nangangailangan ng tulong. Namimigay ng *scholarship* si Aryana at ang kanyang mga kapatid sa mga batang hindi nabibigyan ng pagkakataong makapag-aral sa kanilang probinsiya.




Isiping mabuti…
Panuto: Punan ang sumusunod na talahanayan tungkol sa iyong natutunan at ipaliwanag kung gaano ito kahalaga.:



| Ano ang iyong natutuhan? | Gaano ito kahalaga? |
| --- | --- |
| | |
| | |
| | |

Hanggang saan na ang iyong kaalaman at kahusayan sa pagtukoy ng elemento ng kuwento- tauhan, tagpuan at banghay.
Basahin ang sumusunod na kuwento.

**Ang Masayang Paglalakbay**

Tuwang-tuwa sina Roy, Rico at Rey sa kanilang „field trip‟
sa Legaspi City. Ang una nilang pinuntahan ay ang Hoyophoyopan
Cave sa Camalig. Namangha sila sa ganda ng
kuweba. Napagod sila sa pag-akyat sa bulubundukin ng Kawa-Kawa sa Ligao ngunit sulit naman sa napakagandang tanawin doon. Lalo silang nasiyahan nang makita nila ang iba‟t ibang hayop sa „Wild Life‟. Pagkatapos nilang mananghalian, sila ay nagtungo sa PAGASA Center upang malaman kung papaano namumuo ang isang bagyo. Nakita
rin nila ang perpektong hugis ng Bulkang Mayon sa may Cagsawa Ruins. Sulit ang pagod ng mga mag-aaral habang papauwi na sila sa kani-kanilang bahay.
Panuto: Sagutin ang mga tanong at isulat sa papel ang iyong sagot.
A. Sino sino ang mga tauhan sa kuwentong binasa?
(1)________________________,

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | B. Opo. Para hindi mag-aalala ang aking magulang.<br>C. Depende sa magigig desisyon ko.<br>D. bahala na | | | | (2)________________________ at<br>(3) _______________________.<br>B. Ano anong mga lugar na kanilang pinuntahan ayon sa kuwento?<br>(1)________________________<br>(2) _______________________<br>(3)________________________<br>(4)________________________, at<br>(5)________________________.<br><br>C. Pasunud-sunurin ang mga pangyayari ayon sa tekstong nabasa. Lagyan ng bilang 1-5 sa patlang.<br>______a. Lalo silang nasiyahan nang makita nila ang iba"t ibang hayop sa „Wild Life".<br>______b. Natutula rin sila sa hugis perpekto ng Bulkang Mayon ng sila ay pumunta sa Cagsawa, Daraga.<br>______c. Sulit ang kanilang pagod habang papauwi na sa kanilang bahay<br>______d. Napagod ang tatlong bata sa pag-akyat nila sa bulubunduking Kawa-Kawa sa Ligao.<br>______e. Namangha sila sa<br><br>D. Pumili ng isang natatanging mong kaibigan. Ibahagi mo sa kanya kung bakit siya natatangi sa pamamagitan ng pagsulat ng liham.<br>Gamitin ang rubrics o pamantayan sa pagmamarka sa tulong<br>ng iyong kaklase, magulang o kapatid na nasa pahina 3. |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | **BALIKAN**<br><br>Panuto: Alamin ang kahulugan ng salitang may salungguhit. Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat ito sa<br>papel.<br>1. Dahil sa COVID 19 nagkaroon ng lockdown sa buong<br>Pilipinas.<br>A. Permanenteng estado ng panunuluyan.<br>B. Proseso ng pagpapaunawa ng isang idea o konsepto.<br>C. Halaga ng pera na nakalaan bilang pondo.<br>D. Estado kung saan pinapayuhang manatili sa loob ng<br>bahay.<br>2. Si Maria ay kumuha ng pluma upang isulat ang kanyang<br>karanasan ngayong panahon ng pandemya.<br>A. gunting C. bolpen<br>B. papel D. krayola<br>3. Ang pagong ay isang makupad na hayop dahil sa daladala<br>niya ang kanyang bahay. Ano ang kasalungat na salita ng may salungguhit?<br>A. mabilis C. manipis<br>B. mabagal D. matulis | **SURIIN**<br>Mula sa kuwentong iyong binasa, sagutin at pag-usapan<br>natin ang sumusunod.<br><br>Tungkol saan ang kuwento?<br>*Tungkol sa pamanang kuwintas at bestida.*<br>*Tungkol sa pulang bestida ng Lola ni Noreen.*<br>Sino-sino ang naglagay ng palamuti sa katawan ni Noreen?<br>*Aling Toring na nagbigay ng pulseras*<br>*Mang Isko naglagay ng laso sa kaniyang buhok*<br>*Tita Kyla na nagbigay ng berdeng sapatos*<br>*Aling Susan na nagbigay ng pakpak*<br>*Aling Martha nagbigay ng kuwintas*<br>Tama! Sila ang mga nakausap at nagbigay ng palamuti kay Noreen. Sila ang tinatawag na mga **tauhan.**<br>Saan niya natanggap ang mga palamuting ibinigay sa kaniya?<br>-sa bahay na si Aling Toring-*pulseras*<br>*-sa tindahan ni Mang Isko-laso*<br>*-bahay ng kaniyang Tita Kyla- berdeng sapatos*<br>*-sa parlor ni Aling Susan-pakpak*<br>*-sa kanilang bahay*<br>Tama! Ito ang mga lugar na pinuntahan ni Noreen at kung saan niya natanggap ang mga palamuti. Tinatatawag itong **tagpuan.**<br>Ang mga pagbigay at pagtanggap ni Noreen sa mga palamuti sa kaniyang katawan ang mga pangyayari na tinatawag na **banghay**.<br>Kumusta? Kilala mo na ba ang **elemento ng kuwento?** | | **ISAGAWA**<br><br>Panuto: Sumulat ng natatanging kuwento ng isang natatanging guro sa inyong pamayanan sa pamamagitan ng pagsulat ng liham. Pagkatapos, tukuyin ang elemento ng kuwento sa iyong isinulat. Gamitin ang graphic organizer katulad<br>ng nasa pagyamanin. Gawin ito sa sagutang papel.<br><br><br>Gamitin ang *rubrics* o pamantayan sa pagmamarka sa tulong ng iyong kaklase, magulang o kapatid na nasa pahina 3. | **Karagdagang Gawain**<br><br>Hanggang saan na ba ang iyong kahusayan sa pagkatuto sa ating aralin? Para hindi mo makalimutan, magsanay ka pa. Sumulat ng isang natatanging kuwento tungkol sa isang nanay na nagsusumikap na mapag-aral at mapagtapos ang mga<br>anak sa kabila ng kahirapang nararanasan ng kanilang pamilya.<br>Gamitin ang elemento ng kuwento sa pagsulat. Gawin ito sa<br>iyong sagutang papel.<br><br><br> |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **V. MGA TALA** | | | | | |
| **VI. PAGNINILAY** | | | | | |
| **A. Bilang ng mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya.** | | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **B. Bilang ng mga-aaral na nangangailangan ng iba pang gawain para sa remediation** | | | | | |
| **C. Nakatulong ba ang remediation? Bilang ng mag-aaral na nakaunawa sa aralin.** | | | | | |
| **D. Bilang ng mga mag-aaral na magpapatuloy sa remediation** | | | | | |
| **E. Alin sa mga istratehiyang pagtuturo ang nakatulong ng lubos? Paano ito nakatulong?** | **Stratehiyang dapat gamitin:**<br>__Koaborasyon<br>__Pangkatang Gawain<br>__ANA / KWL<br>__Fishbone Planner<br>__Sanhi at Bunga<br>__Paint Me A Picture<br>__Event Map<br>__Decision Chart<br>__Data Retrieval Chart<br>__I -Search | **Stratehiyang dapat gamitin:**<br>__Koaborasyon<br>__Pangkatang Gawain<br>__ANA / KWL<br>__Fishbone Planner<br>__Sanhi at Bunga<br>__Paint Me A Picture<br>__Event Map<br>__Decision Chart<br>__Data Retrieval Chart<br>__I -Search | **Stratehiyang dapat gamitin:**<br>__Koaborasyon<br>__Pangkatang Gawain<br>__ANA / KWL<br>__Fishbone Planner<br>__Sanhi at Bunga<br>__Paint Me A Picture<br>__Event Map<br>__Decision Chart<br>__Data Retrieval Chart<br>__I -Search | **Stratehiyang dapat gamitin:**<br>__Koaborasyon<br>__Pangkatang Gawain<br>__ANA / KWL<br>__Fishbone Planner<br>__Sanhi at Bunga<br>__Paint Me A Picture<br>__Event Map<br>__Decision Chart<br>__Data Retrieval Chart<br>__I -Search | **Stratehiyang dapat gamitin:**<br>__Koaborasyon<br>__Pangkatang Gawain<br>__ANA / KWL<br>__Fishbone Planner<br>__Sanhi at Bunga<br>__Paint Me A Picture<br>__Event Map<br>__Decision Chart<br>__Data Retrieval Chart<br>__I -Search |
| **F. Anong suliranin ang aking naranasan na nasolusyunan sa tulong ng aking punungguro at superbisor?** | **Mga Suliraning aking naranasan:**<br>__Kakulangan sa makabagong kagamitang panturo.<br>__Di-magandang pag-uugali ng mga bata.<br>__Mapanupil/mapang-aping mga bata<br>__Kahandaan ng mga bata lalo na sa pagbabasa.<br>__Kakulangan ng guro sa kaalaman ng makabagong teknolohiya<br>__Kamalayang makadayuhan | **Mga Suliraning aking naranasan:**<br>__Kakulangan sa makabagong kagamitang panturo.<br>__Di-magandang pag-uugali ng mga bata.<br>__Mapanupil/mapang-aping mga bata<br>__Kahandaan ng mga bata lalo na sa pagbabasa.<br>__Kakulangan ng guro sa kaalaman ng makabagong teknolohiya<br>__Kamalayang makadayuhan | **Mga Suliraning aking naranasan:**<br>__Kakulangan sa makabagong kagamitang panturo.<br>__Di-magandang pag-uugali ng mga bata.<br>__Mapanupil/mapang-aping mga bata<br>__Kahandaan ng mga bata lalo na sa pagbabasa.<br>__Kakulangan ng guro sa kaalaman ng makabagong teknolohiya<br>__Kamalayang makadayuhan | **Mga Suliraning aking naranasan:**<br>__Kakulangan sa makabagong kagamitang panturo.<br>__Di-magandang pag-uugali ng mga bata.<br>__Mapanupil/mapang-aping mga bata<br>__Kahandaan ng mga bata lalo na sa pagbabasa.<br>__Kakulangan ng guro sa kaalaman ng makabagong teknolohiya<br>__Kamalayang makadayuhan | **Mga Suliraning aking naranasan:**<br>__Kakulangan sa makabagong kagamitang panturo.<br>__Di-magandang pag-uugali ng mga bata.<br>__Mapanupil/mapang-aping mga bata<br>__Kahandaan ng mga bata lalo na sa pagbabasa.<br>__Kakulangan ng guro sa kaalaman ng makabagong teknolohiya<br>__Kamalayang makadayuhan |
| **G. Anong kagamitan ang aking nadibuho na nais kong ibahagi sa mga kapwa ko guro?** | __Pagpapanuod ng video presentation<br>__Paggamit ng Big Book<br>__Community Language Learning<br>__Ang "Suggestopedia"<br>__ Ang pagkatutong Task Based | __Pagpapanuod ng video presentation<br>__Paggamit ng Big Book<br>__Community Language Learning<br>__Ang "Suggestopedia"<br>__ Ang pagkatutong Task Based<br>__Instraksyunal na material | __Pagpapanuod ng video presentation<br>__Paggamit ng Big Book<br>__Community Language Learning<br>__Ang "Suggestopedia"<br>__ Ang pagkatutong Task Based<br>__Instraksyunal na material | __Pagpapanuod ng video presentation<br>__Paggamit ng Big Book<br>__Community Language Learning<br>__Ang "Suggestopedia"<br>__ Ang pagkatutong Task Based<br>__Instraksyunal na material | __Pagpapanuod ng video presentation<br>__Paggamit ng Big Book<br>__Community Language Learning<br>__Ang "Suggestopedia"<br>__ Ang pagkatutong Task Based<br>__Instraksyunal na material |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | ___Instraksyunal na material | | | | |